5412.08
Revised January 14, 2008
Tagalog

Mga Botanteng may Mga Kapansanan

Note: When this publication was originally published, we were known as Protection & Advocacy, Inc. (PAI). In October 2008, we changed our name from PAI to Disability Rights California.

Protection & Advocacy, Inc.

100 Howe Ave., Suite 185-N
Sacramento CA 95825
1-800-776-5746
www.pai-ca.org

Mga Botanteng may Mga Kapansanan

Higit sa 35 milyong Amerikanong may mga kapansanan ang karapat-dapat bumoto. Pero 15 milyon lamang ang bumoboto. Ito ay nangangahulugan na 20 milyong taong may mga kapansanan ang ***hindi*** bumoboto. Ang kanilang mga boto ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa kung sino ang ihahalal at sa mga patakaran na nakakaapekto sa mga taong may mga kapansanan. May mga halalan na mahigpitan. Ang bawat boto ay may kabuluhan.

Ang iyong boto ay nagpapasiya kung sino ang manunungkulan. Ang pagboto ay ang iyong pagkakataong sabihin sa mga inihalal na opisyal kung anong mga isyu at proyekto ang mahalaga sa iyo. Ang iyong boto ay may kabuluhan! Mahalaga ang iyong boto!

Ang buklet na ito ay magsasabi sa iyo ng tungkol sa:

- Mga Batas na Nagpoprotekta sa mga Botanteng may mga Kapansanan
- Paano Magpaparehistro upang Makaboto
- Mga Materyal sa Pagboto na Makatutulong sa Iyo na Bumoto
- Paano Boboto
- Ang magagawa ng PAI upang Tulungan Ka

Talaan ng mga Nilalaman

Mga Botanteng may Mga Kapansanan 2

Talaan ng mga Nilalaman 2

Ang Pederal na Batas at Batas ng Estado na Nagpoprotekta sa mga Botanteng may Mga Kapansanan 3

Magparehistro upang Makaboto 6

Mga Materyal sa Pagboto na Makatutulong sa Iyo na Bumoto 10

Paano Boboto 12

Pagboto sa Pamamagitan ng Balota ng Bumoboto sa Koreo 14

Mga Karaniwang Katanungan 15

Mga Opisyal sa mga Halalan, batay sa County 16

Ang Pederal na Batas at Batas ng Estado na Nagpoprotekta sa mga Botanteng may Mga Kapansanan



May karapatan kang bumoto sa lugar na madaling puntahan. May karapatan ka rin sa isang sekreto at madaling gamiting paraan ng pagboto. Ang mga pederal na batas at mga batas ng California ay nagpoprotekta sa iyong karapatang bumoto.

Mga Pederal na Batas

Ang mga pederal na batas na nagpoprotekta sa mga botanteng may mga kapansanan ay:

Batas na Tulungang Bumoto ang Amerika (Help America Vote Act, HAVA)

Ang HAVA, ang Batas na Tulungang Bumoto ang Amerika ng 2002, ay nagtatakda ng mga tuntunin para sa mga sistema ng pagboto sa mga pederal na halalan. Kabilang sa mga tuntuning ito ang pagtiyak na ang mga sistema ng pagboto ay madaling magagamit ng mga botanteng may mga kapansanan. ***Ang madaling magagamit*** ay nangangahulugang ang sistema ng pagboto ay madaling gamitin nang pribado at independiyente.

Sinasabi ng HAVA:

- Bago lumampas ang Enero 1, 2006, ang bawat presinto ay dapat magkaroon ng hindi kukulangin sa isang makina sa pagboto o sistema na madaling magagamit ng mga botanteng may mga kapansanan. Kabilang dito ang mga botanteng bulag o mahina ang paningin.
- Ang bawat botante ay dapat na makaboto nang sekreto at nag-iisa.
- Ang estado at mga lokal na pamahalaan ay makakukuha ng gawad na pera upang makatulong na gawin ang mga lugar na botohan na madaling magagamit.
- Ang mga opisyal sa mga halalan at mga trabahador sa presinto ay sasanayin upang tulungan ang mga botanteng may mga kapansanan.

42 USC § 15301, et seq.

Batas sa Mga Amerikanong may Mga Kapansanan (Americans with Disabilities Act, ADA) ng 1990

Ang ADA ay isang batas na nagsasabi na ang mga tagapag-empleyo, estado at mga lokal na pamahalaan, at mga pampublikong lugar ay hindi makapagdidiskrimina laban sa iyo dahil sa iyong kapansanan.

Dapat na makapagparehistro ka at makaboto. Ang iyong county ay dapat magkaroon ng mga lugar na botohan na madali mong magagamit. Ang mga madaling magagamit na lugar na botohan ay nangangahulugang ang paradahan, mga landas sa lugar ng botohan, mga pasukan, mga labasan at mga lugar na pagbobotohan ay madali mong magagamit.

42 USC § 12101, et seq.

Batas sa Pambansang Pagpaparehistro ng Botante (National Voter Registration Act, NVRA o "Batas sa Motor na Botante") ng 1993

Ginagawa ng NVRA na mas madali para sa iyo na magparehistro upang makaboto dahil makapagrerehistro ka sa:

- Alinmang opisina ng estado na nagkakaloob ng pampublikong tulong
- Alinmang pinopondohan-ng-estado na programang naglilingkod sa mga taong may mga kapansanan

Ang lahat ng ahensiyang ito ay may mga pormas ng pagpaparehistro ng botante. At makatutulong sila sa iyo na punuan at ipakoreo ang mga ito.

42 USC § 1973 (gg), et seq.

Batas sa Madaling Pagboto para sa Matatanda at may Kapansanan (Voting Accessibility for the Elderly and Handicapped Act, VAEHA) ng 1984

Sinasabi ng VAEHA na ang mga lugar na pagbobotohan para sa mga pederal na halalan ay dapat na madali mong magagamit. Ang mga estado ay dapat tumulong sa iyo na magparehistro at bumoto. Dapat kang makakuha ng impormasyon sa pamamagitan ng TDD/TTY. Kung walang madaling magagamit na lugar na pagbobotohan, dapat kang bigyan ng ibang paraan para makaboto.

42 USC § 1973 (ee), et seq.

Mga Pederal na Pamantayan para sa Elektronikong mga Sistema ng Pagboto

Noong 2002, ang Pederal na Komisyon sa Halalan (Federal Election Commission, FEC) ay nagsabi na lahat ng sistema ng pagboto ay dapat na madaling magagamit ng mga botanteng may mga kapansanan.

Upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga pamantayang ito, tingnan ang: **www.fec.gov**

Mga Batas ng Estado ng California

Ang mga batas ng estado na nagpoprotekta sa mga botanteng may mga kapansanan ay:

Ang Saligang-Batas ng California

Sinasabi ng Saligang-Batas ng California na ang pagboto ay dapat gawin nang sekreto.

California Constitution, Art. II § 7

Batas sa Teknolohiya ng Madaling Magagamit na Pagboto (Accessible Voting Technology Act, AVTA) ng 2002

Sinasabi ng AVTA na ang mga botanteng bulag at mahina ang paningin ay may karapatang bumoto nang hindi "tinutulungan".

Sinasabi ng batas na ikaw ay dapat na:

- Makagamit, makapili, at makagalaw ng mga datos at makapagtakbo ng mga kontrol ng sistema ng pagboto.
- May daan sa pagboto at teknolohiya tulad ng mga botante na hindi bulag o mahina ang paningin.
- May daan sa hindi kukulangin sa isa na madaling magagamit na yunit ng pagboto sa iyong lugar na pagbobotohan.

California Elections Code § 19225, et seq.

Panukala 41

Ang Panukala 41 ay ipinasa ng mga botante noong 2002. Ito ay nagsasabi na ang mga county ay makakukuha ng pera ("mga panumbas na pondo") mula sa estado kapag bumibili sila ng mga bagong sistema ng pagboto. Ang Panukala 41 ay nagtatatag din ng Lupon ng Pagsasamoderno ng Pagboto (Voting Modernization Board).

California Elections Code § 19230, et seq.

Magparehistro upang Makaboto

Sino ang makaboboto?

Makapagpaparehistro ka para makaboto kung ikaw ay:

- Mamamayan ng Estados Unidos,
- Residente ng California,
- Hindi kukulangin sa 18 taong gulang,
- Wala sa bilangguan o hindi parolado para sa isang krimen, at
- Hindi ipinasiya ng korte na “Walang Kasalanan Dahil sa Pagiging Baliw,” “Walang Kakayahan na Humarap sa Paglilitis,” isang “Walang Kaayusan ang Pag-iisip na Nakagawa ng Seksuwal na Pagkakasala,” o isang “Walang Kaayusan ang Pag-iisip na Bilanggo.” Bilang karagdagan, may ibang mga indibidwal na nasa conservatorship na maaaring hindi karapat-dapat kung ipinasiya ng korte na ang tao ay “hindi magagawang kumumpleto ng isang apidabit ng pagpaparehistro ng botante” at partikular na inalis ang karapatang bumoto sa mga papel ng conservatorship. Tingnan ang publikasyon ng PAI na tinatawag na Right to Vote When You are in a Facility or Under a Conservatorship (Karapatang Bumoto Kapag Ikaw ay Nasa isang Pasilidad o Nasa Ilalim ng Conservatorship) na makukuha sa http://www.pai-ca.org/pubs/541401.htm para sa mas detalyadong impormasyon.

Paano magpaparehistro

Kung natutugunan mo ang mga kinakailangang ito, maaari kang kumuha ng pormas ng pagpaparehistro ng botante at punuan ito. Ibalik ito sa iyong Opisina sa mga Halalan ng County o sa Kalihim ng Estado. Maaari mo itong ipakoreo nang libre.

Dapat mong ilagay ang mga bagay na ito sa pormas ng pagpaparehistro:

- Iyong pangalan.
- Direksiyong pangkoreo. Kung ikaw ay walang-bahay, ilagay ang direksiyon kung saan ka kumukuha ng sulat. Ang direksiyong ito ay maaaring ang tanggapan ng koreo, bahay ng isang kaibigan o kamag-anak, isang kanlungan ng walang-bahay o ahensiya ng serbisyong panlipunan.
- Direksiyong tirahan. Ang impormasyong ito ay kailangan upang italaga ang iyong lugar na pagbobotohan (kung saan ka boboto). Maaari kang maglagay ng interseksiyon ng kalye kung ikaw ay walang-bahay.
- Numero ng lisensiya ng tsuper sa California o numero ng kard na ID sa California. Kung wala kang lisensiya ng tsuper o ID, gamitin ang huling apat na numero ng iyong numero ng Panlipunang Seguridad.
- Dapat kang pumirma sa pormas at manumpa na ang lahat ng impormasyon dito ay tama.

Tatanggap ka ng isang Kard ng Paunawa sa Botante sa koreo mga 2 linggo pagkaraan mong magparehistro. Siguraduhin na ang impormasyon ay tama. Ipagbigay-alam sa Opisina sa mga Halalan kung may mali sa kard.

Saan kukuha ng pormas ng pagpaparehistro

Maraming paraan para makakuha ng pormas ng pagpaparehistro.

- Tumawag sa 1-800-339-2957. Hilingin sa kanila na padalhan ka ng isang pormas.
- Makipag-ugnayan sa iyong Opisina sa mga Halalan ng County. Tingnan ang pahina 16.
- Kumuha ng pormas sa:
  - Aklatan
  - Tanggapan ng Koreo
  - Opisina ng PAI
  - Panrehiyong Sentro
  - Kagawaran ng mga Sasakyang De-motor (Department of Motor Vehicles, DMV)
  - Ahensiya ng Kalusugan ng Isip ng County (County Mental Health Agency)
  - Mga Opisina ng Klerk ng County o Lunsod
- Magparehistro on-line sa website ng Kalihim ng Estado:
  www.sos.ca.gov/elections/elections.htm
  Klikan ang “Fill out a Voter Registration Form Online.”
- Mag-download ng pormas mula sa website ng Kalihim ng Estado. Punuan at ipakoreo ito sa:

  Secretary of State
  1500 11th Street
  Sacramento, CA 95814

Kailan magpaparehistro

Sa California, dapat kang magparehistro upang makaboto hindi lalampas ng 15 araw bago ang Araw ng Halalan.

Kailangan ko bang muling magparehistro?

Kailangan mo ***lamang*** muling magparehistro kung ikaw ay:

- Lumipat,
- Pinalitan ang iyong pangalan,
- Pinalitan ang iyong partidong pampulitika,
- Nakuha muli ang iyong karapatang bumoto pagkatapos lumabas ng bilangguan o lumabas sa parol para sa isang krimen, o
- Nakuha muli ang iyong karapatang bumoto pagkaraang lumabas sa ilalim ng isang conservatorship na nagsuspinde ng iyong karapatang bumoto.

Kailangan ng tulong sa pagpaparehistro ng botante?

Makahihingi ka ng tulong sa pagpaparehistro ng botante mula sa Opisina ng Kalihim ng Estado, mga Panrehiyong Sentro ng DDS, mga Ahensiya ng Kalusugan ng Isip ng County, at PAI. Ang impormasyon tungkol sa matatawagan sa kanila ay nakalista sa ibaba.

Opisina ng Kalihim ng Estado

Para sa mga katanungan o tulong sa pagpaparehistro ng botante, tawagan ang alinman sa mga numerong ito:

Ingles:	1-800-345-VOTE (8683) – boses o TTD/TTY
Espanyol:	1-800-232-VOTA (8682)
Intsik:	1-800-339-2857
Biyetnamis:	1-800-339-8163
Hapon:	1-800-339-2865
Tagalog:	1-800-339-2957
Koreano:	1-866-575-1558

Mga Panrehiyong Sentro ng DDS

Ang batas ay nagsasabi ng ang Kagawaran ng mga Serbisyong Debelopmental ng California (California Department of Developmental Services, DDS) ay dapat magbigay sa iyo ng impormasyon at tulungan ka sa pagpaparehistro ng botante. Ang DDS ay may 21 panrehiyong sentro sa California. Ang iyong lokal na panrehiyong sentro ay makatutulong sa iyo.

Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang:

- Regional Center: Responsibility to Assist Regional Center Clients with Voter Registration (Panrehiyong Sentro: Responsibilidad na Tulungan ang mga Kliyente ng Panrehiyong Sentro sa Pagpaparehistro ng Botante)
- Voter Registration for Regional Center Clients (Pagpaparehistro ng Botante para sa mga Kliyente ng Panrehiyong Sentro)

Makukuha mo ang mga publikasyong ito mula sa PAI sa: **www.pai-ca.org**; o tawagan ang PAI. Tingnan ang pahina 9 para sa isang opisinang malapit sa iyo.

Mga Ahensiya ng Kalusugan ng Isip ng County

Lahat ng pinopondohan-ng-estado na mga programang naglilingkod sa mga taong may mga kapansanan ay dapat magkaroon ng mga serbisyong pagpaparehistro ng botante. Kabilang dito ang mga ahensiya ng kalusugan ng isip ng county at ang mga ospital ng estado.

Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang:

- “Right to Vote When You are in a Facility or Under a Conservatorship”

Makukuha mo ang publikasyong ito mula sa PAI sa: **www.pai-ca.org**; o tawagan ang PAI. Tingnan ang ibaba para sa isang opisinang malapit sa iyo.

Mga Opisina ng Protection & Advocacy, Inc.

Protection & Advocacy, Inc.
100 Howe Avenue, Suite 235-N
Sacramento, CA 95825
Walang Bayad: 800-776-5746
Telepono: 916-488-9950
Fax: 916-488-9960
TTY: 800-719-5798

Protection & Advocacy, Inc.
3580 Wilshire Blvd., Suite 902
Los Angeles, CA 90010
Walang Bayad: 800-776-5746
Telepono: 213-427-8747
Fax: 213-427-8767
TTY: 800-781-4546

Protection & Advocacy, Inc.
1330 Broadway, Suite 500
Oakland, CA 94612
Walang Bayad: 800-776-5746
Telepono: 510-267-1200
Fax: 510-267-1201
TTY: 800-641-0154

Protection & Advocacy, Inc.
1111 Sixth Avenue, Suite 200
San Diego, CA 92101
Walang Bayad: 800-776-5746
Telepono: 619-239-7861
Fax: 619-239-7906
TTY: 800-576-9569

Mga Materyal sa Pagboto na Makatutulong sa Iyo na Bumoto

Halimbawang Balota at mga Polyeto ng Balota ng California

Mga 6 na linggo bago ang Araw ng Halalan, ang Opisina ng mga Halalan ng County ay magpapakoreo sa iyo ng isang Halimbawang Balota. Ito ay may impormasyon tungkol sa mga kandidato at isyu sa balota. Tatanggap ka rin ng isang Polyeto ng Balota ng California na may karagdagang impormasyon.

Kung nagparehistro ka nang malapit na ang halalan, (15-29 araw bago ang halalan), maaaring wala nang oras upang ipakoreo ang mga materyal na ito. Tatanggap ka ng kard na pangkoreo na nagsasabi na ikaw ay nakarehistro. Maaari kang kumuha ng Polyeto ng Balota sa aklatan o online sa: www.sos.ca.gov/elections/elections_i.htm

Paano kung nahihirapan akong makakita, magbasa o makaintindi ng Ingles?

Makakukuha ka ng bersiyon sa audio cassette ng Polyeto ng Balota. Ito ay makukuha nang libre sa:

- Aklatan
- Instituto ng Braille
- Opisina sa mga Halalan ng County
- Website ng Kalihim ng Estado:
  www.sos.ca.gov/elections/elections_dis.htm
- Opisina ng Kalihim ng Estado:
  1-800-339-2957

Hindi-Ingles na mga Polyeto ng Balota

Makakukuha ka ng mga polyeto ng balota sa mga wikang iba sa Ingles. Makipag-ugnayan sa iyong Opisina sa mga Halalan ng County upang itanong kung anong mga wika ang nasa iyong county.

Ang mga polyeto ng balota ng California ay makukuha sa Ingles, Espanyol, Intsik, Hapon, Koreano, Tagalog, at Biyetnamis. Makukuha mo ang mga balotang ito online sa: www.voterguide.sos.ca.gov

Madaling Patnubay ng Botante

Makakukuha ka rin ng ***Madaling Patnubay ng Botante (Easy Voter Guide).*** Ang buklet na ito ay nagbibigay sa iyo ng malinaw at madaling-basahing impormasyon tungkol sa iyong balota ng California at pagboto. Ito ay makukuha sa Ingles, ibang mga wika, sa teyp at sa malalaking letra.

Ang ***Madaling Patnubay ng Botante*** ay nagtataglay ng:

- Mga pahayag mula sa bawat partidong pampulitika
- Mga pahayag at larawan ng mga kandidato
- Mga paliwanag ng mga panukala sa balota (Mga Panukala)
- Impormasyon tungkol sa pagpaparehistro at pagboto

Upang makakuha ng ***Madaling Patnubay ng Botante:***

- I-download ang Patnubay sa www.easyvoter.org. Ito ay may tabing na madaling maintindihan ang tagubilin.
- Kumuha ng libreng kopya sa aklatan.
- Makipag-ugnayan sa iyong Opisina sa mga Halalan ng County.
- Makukuha mo rin ang Patnubay sa audiotape o sa malalaking letra. Makipag-ugnayan sa:

  Easy Voter Guide
  League of Women Voters of California
  801 12th Street, Suite #220
  Sacramento, CA 95814
  Tel: 916-442-7215 (boses lamang, walang TDD/TTY)
  Fax: 916-442-7362
  Email: lwvc@lwvc.org
  http://ca.lwvc.org

Paano Boboto

Saan ako boboto?



Boboto ka sa iyong lugar na pagbobotohan. Ito ay bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng hapon sa Araw ng Halalan. Lagyan ng tsek ang iyong Halimbawang Balota o ang kard na pangkoreo na ipinadala sa iyo na nagsasabi na ikaw ay nakarehistro. Sasabihin nito sa iyo kung saan boboto.

Madali bang magagamit ang aking lugar na pagbobotohan?

Maaari. Hanapin ang simbolong asul na silyang may gulong sa likod na pahina ng Halimbawang Balota. Kung may simbolong asul na silyang may gulong, ang iyong lugar na botohan ay ***madaling magagamit.***

Ayon sa batas, ang bawat estado ay dapat magkaroon ng mga patnubay tungkol sa mga madaling magagamit na lugar na pagbobotohan. Makahahanap ka ng isang listahan para sa mga lugar na pagbobotohan na inihanda ng Kagawaran ng Hustisya ng Estados Unidos (U.S. Department of Justice) sa: **www.usdoj.gov/crt/ada/votingck.htm**

Ang Kalihim ng Estado ay may ***Polling Place Accessibility Checklist (Listahan ng Dapat Tiyakin Tungkol sa Madaling Magagamit na Lugar na Pagbobotohan)*** para sa California. I-download ang listahan ng dapat tiyakin mula sa: **www.sos.ca.gov/elections/access_check.pdf**

O, hilingin sa Opisina ng Kalihim ng Estado na magpakoreo sa iyo ng isang kopya: **1-800-339-2957**

Ang madaling magagamit na mga lugar na pagbobotohan ay may:

- Minarkahang madaling magagamit na paradahan na malapit sa pasukan
- Malinaw na landas mula sa paradahan patungo sa lugar na pagbobotohan
- Mga pintuan na maluwang at madaling buksan
- Mga materyal sa halalan at mga tanda sa malalaking letra
- Mga trabahador sa presinto upang tulungan ka at sagutin ang iyong mga katanungan

Kung ang iyong lugar na pagbobotohan ay hindi madaling magagamit o hindi ka makarating sa lugar na pagbobotohan, maaari kang:

- Bumoto sa pamamagitan ng Balota ng Bumoboto sa Koreo bago ang halalan.

- Humiling ng bumoto sa isang madaling magagamit na lugar na pagbobotohan na malapit sa iyo.
- Gumamit ng “Pagboto sa Gilid ng Bangketa”. Kung hindi ka makapunta sa lugar ng pagbobotohan, ang isang trabahador sa presinto ay magdadala sa iyo ng balota sa gilid ng bangketa o sa iyong kotse.
- Tawagan ang iyong Opisina sa mga Halalan ng County o PAI kung mayroon kang mga katanungan.

Sa Kubol ng Pagboto

Kahit na ang iyong lugar na pagbobotohan ay madaling magagamit, ang iyong sistema ng pagboto ay maaaring hindi. Sinasabi ng pederal na batas na ang mga botanteng may mga kapansanan ay dapat magkaroon ng madaling magagamit na mga sistema ng pagboto bago lumampas ang 2006. Umaasa ang PAI na magkakaroon ng madaling magagamit na mga sistema ng pagboto pagsapit ng petsang iyon.

May karapatan ka sa isang sekreto at madaling gamiting paraan ng pagboto. Karamihan sa mga lugar na pagbobotohan ay magkakaroon ng mga bagay na ito upang tulungan ka:

- Isang ibabaw ng mesa na kubol sa pagboto (para sa silyang may gulong)
- Mga tagubilin sa Braille at malalaking letra
- Isang papel para sa pagpapalaki
- Mga larawan upang makatulong na ipaliwanag ang sistema ng pagboto
- Isang pangmarka ng balota na madaling gamitin

Matutulungan ba ako ng ibang mga tao na makaboto?

Oo. Maaari kang:

- Pumili ng 1 o 2 tao para tulungan ka sa kubol sa pagboto. Pero, hindi mo mapipili ang iyong tagapag-empleyo o opisyal ng unyon.
- Sabihin sa trabahador ng presinto na tulungan ka. Pero, hindi ka nila dapat impluwensiyahan, at hindi nila masasabi sa sinuman kung sino o ano ang ibinoto mo.



- Sabihin sa isang tagasalin ng senyas na wika na tulungan ka. Maaari kang magdala ng sarili mong tagasalin o tawagan ang Opisina sa mga Halalan ng County bago ang halalan upang humiling ng isang tagasaling ASL.

Maaari mo ring dahil ang iyong tagaserbisyong hayop sa lugar na pagbobotohan at sa kubol sa pagboto.

Pagboto sa Pamamagitan ng Balota ng Bumoboto sa Koreo

Ang Balota ng Bumoboto sa Koreo ay hinahayaan kang bumoto sa pamamagitan ng koreo. Kung ang iyong lugar na pagbobotohan ay hindi madaling magagamit, o hindi ka makarating doon, maaari kang bumoto ng bumoboto sa koreo.

Pero dapat kang mag-aplay para sa balota ng bumoboto sa koreo hindi kukulangin sa 7 araw ***bago*** ang susunod na halalan. Ang iyong polyeto ng Halimbawang Balota ay may aplikasyon. O maaari kang makipag-ugnayan sa iyong Opisina sa mga Halalan ng County. Tingnan ang pahina 16.

Ipakoreo ang iyong balota ng bumoboto sa koreo o dalhin ito sa Opisina sa mga Halalan ng County o sa alinmang lugar na pagbobotohan sa county kung saan ka nakarehistro para makaboto.

Ito ay dapat dumating bago lumampas ang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan. Kung ito ay huli na, hindi ito isasama sa pagbilang.

Kailangan ko bang mag-aplay para sa balota ng bumoboto sa koreo bago ang bawat halalan?

Oo, maliban kung mag-aplay ka para sa Katayuan ng Permanenteng Bumoboto sa Koreo. Ang Katayuan ng Permanenteng Bumoboto sa Koreo ay nangangahulugan na isang balota ng bumoboto sa koreo ang awtomatikong ipapadala sa iyo bago ang bawat halalan.

Kapag hindi ka bumoto sa pamamagitan ng balota ng bumoboto sa koreo sa dalawang (2) magkasunod na pambuong-estadong pangkalahatang eleksiyon, ang iyong pangalan ay maaalis mula sa listahan ng permanenteng botanteng nagpapakoreo. Ang batas na ito ay naging epektibo noong Enero 1, 2006 (SB 39).

Upang mag-aplay para sa Katayuan ng Permanenteng Bumoboto sa Koreo, gamitin ang aplikasyon sa iyong Halimbawang Balota, o tawagan ang iyong Opisina sa mga Halalan ng County.

Paano kung naiwala ko ang aking balota ng bumoboto sa koreo o nakalimutan itong ipakoreo sa oras?

Kung naiwala mo ang iyong balota ng bumoboto sa koreo, makaboboto ka sa pamamagitan ng Pansamantalang Balota sa Araw ng Halalan sa iyong lugar na pagbobotohan. O humiling ng bago sa Araw ng Halalan, sa pamamagitan ng pagtawag sa Opisina sa mga Halalan ng County.

Kung hindi mo ipinakoreo ang iyong balota sa oras, siguraduhin na inilagay ang lahat ng impormasyon sa balota at sa panlabas na sobre. At saka, sa Araw ng Halalan maaari mo o ng isang taong pinili mo na dalhin ito sa alinmang lugar na pagbobotohan sa county kung saan ka nakarehistro para makaboto.

Mga Karaniwang Katanungan

Matutulungan ba ako ng PAI?

Oo. Sinasabi ng HAVA na dapat siguraduhin ng PAI na magagamit mo ang iyong karapatang bumoto.

Kung nakadarama ka ng diskriminasyon dahil sa iyong kapansanan, o kung sa palagay mo ay may mga batas sa pagboto na nilabag, makipag-ugnayan sa PAI. Para sa impormasyon tungkol sa matatawagan sa PAI, tingnan ang pahina 9.

Ano ang Pansamantalang Pagboto?

Kung ang trabahador sa presinto ay hindi makapagpasiya kung ikaw ay wastong nagparehistro, sasabihin nila sa iyo na punuan ang isang “pansamantalang” balota. Ang iyong pansamantalang balota ay ilalagay sa isang espesyal na sobre sa kahon ng balota. Sa huli, susuriin ng Opisina sa mga Halalan ng County ang iyong pagpaparehistro at sisiguraduhin na ikaw ay karapat-dapat bumoto. Kung karapat-dapat ka, isasama nila sa pagbilang ang iyong boto.

Ang trabahador sa presinto ay magbibigay sa iyo ng resibo. Maaari mong tawagan ang numero ng telepono sa resibo upang malaman kung isinama sa bilangan ang iyong boto.

Paano kung naospital ako sa o bago ang Araw ng Halalan?

Makaboto ka pa rin. Humiling ng ***Emerhensiyang Bumoboto sa Koreo (Emergency Absentee)*** o ***Balota ng Naospital na Botante (Hospitalized Voter Ballot).*** Tawagan ang Opisina sa mga Halalan ng County para sa aplikasyon. Saka, magpadala ng isang tao sa Opisina sa mga Halalan ng County upang kunin ang iyong balota ng bumoboto sa koreo. Pagkatapos mong bumoto, maibabalik na nila ang balota sa lugar na pagbobotohan.

Paano kung nagkamali ako sa aking balota?

Ibalik ang iyong balota sa trabahador sa presinto. Bibigyan ka nila ng bago. Maaari kang kumuha ng hanggang tatlong balota. Pero hindi ka maaaring kumuha ng bagong balota kung inilagay mo ang balota sa kahon ng balota. Kung nahihirapan kang gamitin ang kagamitan sa pagboto, humingi ng tulong sa trabahador sa presinto.

Mga Opisyal sa mga Halalan, batay sa County

Alameda
(510) 267-6933
www.acgov.org/

Alpine
(530) 694-2281
www.co.alpinecounty.ca.gov

Amador
(209) 223-6465
www.co.amador.ca.us/depts/elections/index.htm

Butte
(800) 538-7761 (Butte lamang)
(530) 538-6366
http://clerk-recorder.buttecounty.net

Calaveras
(209) 754-6376
www.co.calaveras.ca.us/departments/recorder.html

Colusa
(530) 458-0500
www.colusacountyclerk.com

Contra Costa
(925) 335-7800
www.cocovote.us

Del Norte
(707) 464-7216
(707) 465-0383
www.co.del-norte.ca.us

El Dorado
(530) 621-7480
www.co.el-dorado.ca.us/elections

Fresno
(559) 488-3246
www.co.fresno.ca.us

Glenn
(530) 934-6414
www.countyofglenn.net/Elections

Humboldt
(707) 445-7678
www.co.humboldt.ca.us/election

Imperial
(760) 482-4226
www.imperialcounty.net/Election

Inyo
(760) 878-0224
www.countyofinyo.org

Kern
(661) 868-3590
www.co.kern.ca.us/elections/

Kings
(559) 582-3211 Ext. 4401
www.countyofkings.com

Lake
(707) 263-2372
www.co.lake.ca.us

Lassen
(530) 251-8217
http://clerk.lassencounty.org/registrar.htm

Los Angeles
1-800-815-2666
(562) 466-1310 (LA lamang)
www.lavote.net

Madera
(559) 675-7720
www.madera-county.com

Marin
(415) 499-6456
http://co.marin.ca.us/depts/RV/main/index.cfm

Mariposa
(209) 966-2007
www.mariposacounty.org

Mendocino
(707) 463-4371
www.co.mendocino.ca.us/acr

Merced
(209) 385-7541
www.co.merced.ca.us/elections/index.html

Modoc
(530) 233-6201

Mono
(760) 932-5537
www.monocounty.ca.gov

Monterey
(831) 796-1499
http://montereycountyelections.us

Napa
(707) 253-4321
www.co.napa.ca.us/gov/Departments

Nevada
(530) 265-1298
http://new.mynevadacounty.com/elections

Orange
(714) 567-7600
www.ocvote.com

Placer
(530) 886-5650
www.placer.ca.gov/recorder/elections.aspx

Plumas
(530) 283-6256
www.countyofplumas.com/clerkrecorder/elections

Riverside
(951) 486-7200
www.voteinfo.net

Sacramento
(916) 875-6451
www.elections.saccounty.net

San Benito
(831) 636-4016
www.sanbenitocountyelections.us

San Bernardino
(909) 387-8300
www.sbcrov.com

San Diego
(800) 696-0136
(858) 565-5800
www.sdvote.com

San Francisco
(415) 554-4375
www.sfgov.org/election

San Joaquin
(209) 468-2885
www.sjcrov.org

San Luis Obispo
(805) 781-5228
www.slocounty.ca.gov/clerk

San Mateo
(650) 312-5222
www.shapethefuture.org/voters/default.asp

Santa Barbara
Timog na County: (805) 568-2200
Hilagang County: (805) 346-8374
www.sbcvote.com

Santa Clara
(408) 299-8683
www.sccvote.org

Santa Cruz
(831) 454-2060
www.votescount.com

Shasta
(530) 225-5730
www.co.shasta.ca.us/departments/countyclerkregistrarofvoters/index.shtml

Sierra
(530) 289-3295
www.sierracounty.ws

Siskiyou
(530) 842-8084
www.co.siskiyou.ca.us/clerk/elections/elections.htm

Solano
(707) 784-6675
www.solanocounty.com/elections

Sonoma
(707) 565-6800
www.sonoma-county.org/regvoter/index.htm

Stanislaus
(209) 525-5200
http://stanvote.com

Sutter
(530) 822-7122
www.sutter.us/doc/government/depts/cr/elections/cr_elections_home

Tehama
(530) 527-8190
www.co.tehama.ca.us

Trinity
(530) 623-1220
www.trinitycounty.org/elections

Tulare
(559) 733-6275
www.tularecoelections.org/

Tuolumne
(209) 533-5570
www.tuolumnecounty.ca.gov

Ventura
(805) 654-2781
http://recorder.countyofventura.org/elections.htm

Yolo
(530) 666-8133
www.yoloelections.org/

Yuba
(530) 749-7855
http://elections.co.yuba.ca.us